## SO WHAT

- Basahin ang Roma 12:1,2. Ano sa palagay mo ang ibig sabihin ni Pablo nang kanyang sabihin na "ialay mo ang iyong sarili bilang isang buhay na pag-aalay?" Ano ang mag-uudyok sa atin na mag-alay ng ganito?
- Ano sa palagay mo ang kinilala ni Pablo na basura at walang kwenta ayon sa Filipos 3:7,8? Ano sa palagay mo ang kinalaman ng pag-uugali ni Pablo at ng talinhaga ng natatagong kayamanan sa aklat ng Mateo 13:44?
- Basahin ang Hebreo 10:15-18. Ano ang dulot ng sakripisyo ni Jesus? Papaano makapagbibigay lakas ang halimbawang ito sa mga mananampalataya na bigyang halaga nila ang sakripisyo bilang isang namumuno?

## NOW WHAT

- Maging matapang sa pagbahagi ng ebanghelyo sa inyong mga tagapamuno sa linggong ito.
- Pag-aralan ang ilang bagay na kinakailangang ibenta at gamitin ang mga pagkakakitaan upang tulungan ang ibang tao.
- Sino ang mga guro o mga nagtuturo sa iyo na nagsakripisyo ng kanilang panahon at kabuhayan para sa iyo? Maglaan ng panahon upang pasalamatan sila sa linggong ito.

## PRAYER

- Hingin sa Banal na Espiritu na ipakita sa iyo ang pagiging makasarili at mga problema mo na nagiging hadlang upang magpaubaya.
- Itaas sa panalangin ang mga lingkod ng ebanghelyo na napapasubo sa laban at masumpungan nila ang kaligayahan sa gitna ng sakripisyo.
- Magpasalamat sa Diyos ng tapat sa kaligtasan na hatid Niya sa pamamagitan ng Kanyang sakripisyo!

VICTORY

Karapatang Pag-aari © 2013
Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Ito ay hindi pinagbibili.
victory.org.ph

WEEK 4 FILIPINO

# Sakripisyo

UNPOPULAR
Leadership is Not a Popularity Contest

## NOTES

## CONNECT

- Anong isang bagay sa iyong buhay ang hindi madaling isuko?
- Ano ang nais mong ipaubaya upang mapanatili ang pagkakaibigan? Bakit?
- Sa paanong paraan nagsakripisyo ang iyong mga magulang sa pagpapalaki sa iyo?

**WORD**

*[5]Dapat maging katulad ng kay Kristo Jesus ang pananaw n'yo: [6]Kahit na nasa kanya ang katangian ng Diyos, hindi niya itinuring ang pagiging kapantay ng Diyos bilang isang bagay na dapat panghawakan. [7]Sa halip, ibinaba niya nang lubusan ang sarili niya sa pamamagitan ng pag-aanyong alipin. Naging tao siyang tulad natin. [8]At sa pagiging tao niya, nagpakumbaba siya at naging masunurin sa Diyos hanggang sa kamatayan, maging kamatayan sa krus.* FILIPOS 2:5-8

**WHAT**

Ang pagsasakripisyo ng mga benepisyo, kaginhawaan, at mga yaman para sa iba ay hindi madali; madalas hindi na natin naiisip ang kapakanan ng iba ngunit kung ano ang ikabubuti natin. Ganun pa man, ang tunay na pamumuno ay hindi lamang hinahanap kung ano ang mapapala niya sa kanyang papel na ginagampanan ngunit maging ang mga bagay na walang panawagan subalit mahahalaga at may mga kabigatan. Si Jesus ay ipinakita ang lubos na halimbawa na ito. Papaano si Jesus namuno sa pamamagitan ng sakripisyo?

## 1 Sa pagpapahayag ng kung sino Siya

*. . . Kahit na nasa kanya ang katangian ng Diyos, hindi niya itinuring ang pagiging kapantay ng Diyos bilang isang bagay na dapat panghawakan.* FILIPOS 2:6

Si Jesus ay Diyos, ang ikalawa sa Tatlong Persona, at kahit ganoon pa ang Kanyang katayuan, kapangyarihan, at luwalhati, ang mga ito ay hindi pangunahin sa Kanyang malasakit. Sino nga ba Siya na hindi pinaggitgitan ang Kanyang gusto lamang gawin? Iniisip Niya ang ating kapakanan, at hindi ang Kanya. Ano ang dating sa iyo ng Kanyang pagka-Diyos at ng kadakilaan ng Kanyang pagmamahal at paano nito naapektuhan ang iyong kaisipan? Papaano ka ba dapat mag-isip sa iyong sarili at sa mga ibang tao?

## 2 Sa pagpapahayag ng Kanyang inako

*Sa halip, ibinaba niya nang lubusan ang sarili niya sa pamamagitan ng pag-aanyong alipin.* FILIPOS 2:7

Inako ni Jesus ang pagiging tao sa paraan na kung papaanong ang isang panginoon ay ginampanan ang papel ng isang lingkod. Hindi lamang Niya tinaglay ang katangian ng isang tao at nanirahan kasama ng tao, Siya ay naging katulad natin (Hebreo 2:14). Ang pag-uugali ng isang namumuno ay ang isang nagpapakumbaba at kumikilala sa kanyang mga kasamahan na pinamumunuan. Hanggang saan tayo aabot para sa kapakanan ng iba?

## 3 Sa pagpapahayag ng Kanyang halagang binayaran

*At sa pagiging tao niya, nagpakumbaba siya at naging masunurin sa Diyos hanggang sa kamatayan, maging kamatayan sa krus.* FILIPOS 2:8

Ang krus ay hindi lamang basta pagpaparusa at karanasan ng matinding pasakit na pampisikal ngunit ito rin ay masidhing kahihiyan (Hebreo 12:2,3). Hindi lamang inako ni Kristo ang hindi sapilitang halaga ngunit binayaran Niya ang pinakamahal na halaga. May binayaran ba tayo na halaga sa ating buhay na maaari nating ihalintulad sa binayaran ni Jesus? Ano ang mga kabigatan na dinadala ng mga tao? Papaano makagagaang sa iyong mga dinadala ang katotohanang sakripisyo ni Kristo?